

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ang birtwal na mga performance ng *Live from The Rose* ay magbabalik sa Brampton nitong spring

BRAMPTON, ON (Marso 16, 2021) – Panoorin ang ganda ng performance at mag-enjoy sa aliw mula sa magagaling na mga artist sa bahay sa spring na ito habang ipinagpatuloy ng The Rose Brampton ang *Live from The Rose*, sa ika-15 season na anibersaryo, na birtwal na idadaos.

Bilang pagtupad sa mga patnubay ng Lalawigan at ng Peel Public Health, magbo-broadcast ng mainstage performances ang The Rose nang live sa mga audience sa pamamagitan ng Vimeo. Makakaasa ang mga audience ng de kalidad na mga produksyon; ekspertong teknikal na production team; isang pinakabagong live event broadcast; at, ilan sa pinaka-kapana-panabik na mga pangalan sa entertainment.

Kabilang sa mga Darating na Performance:

- Marso 18, 2021 (8:00 PM EST) - River North Duo kasama ang espesyal na panauhin na si Mark Kelso
- Marso 20, 2021 (8:00 PM EST) - *This is Brampton: Live Online*, curated ng Queeriahcity
- Marso 25, 2021 (8:00 PM EST) - Suddenly Mommy kasama si Anne-Marie Scheffler
- Marso 27, 2021 (7:30 PM EST) - Worlds in Music (The Rose Orchestra)
- Marso 28, 2021 (1:00 PM EST) - Elizabeth Glenn-Copeland na kausap si Ian Keteku
- Abril 1, 2021 (8:00 PM EST) - *This is Brampton: Live Online*, curated ng Soundrive Records
- Abril 8 to 10, 2021 (7:30 PM EST) - Songs for a New World (Brampton Music Theatre)
- Abril 10, 2021 (1:00 PM EST) - Songs for a New World, matinee show (Brampton Music Theatre)

Hanggang ngayon, kabilang sa mga curator at mga partner sa co-presentation para sa *Live from The Rose* ang: Brampton Music Theatre; The Rose Orchestra; B-Jazzed; New Theory Radio; Off the Record; Soundrive Records; Stand-up Stitches; The FOLD (Festival of Literary Diversity); Queeriahcity; at, Our Women's Voices. Kabilang sa nakaraang mga performer ang/sina: Virginia to Vegas; Crown Lands; Maestro Fresh Wes; Twin Flames; Tyler Shaw; Ron Hawkins; Haviah Mighty; at, Tokyo Police Club na bahagi ng mga pagdiriwang sa Bisperas ng Bagong Taon ng Lungsod ng Brampton

Nang isinara ang The Rose Brampton dahil sa COVID-19 noong huling Marso, ang venue ay isinalin para makatugon sa bagong mga pangangailangan ng mga audience, estudyante at mga magulang sa pamamagitan ng birtwal na programa kasama ang *The Rose at Home*. Muli Abril hanggang Agosto, ang *This is Brampton: Live Online* ay nag-produce ng 23 konsyerto, nagtampok ng 42 lokal na artist at umakit sa higit sa 256,000 na mga manood mula sa buong mundo. Ipinresenta din ng The Rose ang pang-edukasyong mga programa na nakatuon sa panlipunang epekto at sa sining, gumawa ng epekto sa mga buhay ng mga manonood sa lahat ng edad.

Nagpapasalamat na kinilala ng The Rose ang Meridian, ang Presenting Sponsor ng *Live from The Rose*. Maaaring magpa-book ang mga tao para sa libreng tiket para sa *Live from The Rose* sa therosebrampton.ca.

Mga Quote

“Ang The Rose Brampton ay nagpapatuloy sa pagsuporta sa mga artist, nananatiling konektado sa mahalagang mga audience at pinapahaba ang pandaigdigang pagsunod dito nang mas malawak pa. Hanggang ngayon, nagbibigay ang The Rose ng may bayad na mga pagkakataon para sa higit sa 50 artist, na ang 36 ng mga artist ay lokal, at nagpresenta ng 15 librang birtwal na mga presentasyon. Ipinagmamalaki naming ipagpatuloy ang pag-aalok ng de-kalidad ng mga produksyon para sa ating mga residente para ligtas na mag-enjoy sa bahay!”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Narating ng *Live from The Rose* ang mga komunidad na malapit at malayo at iniangat ang Brampton bilang Lungsod ng mga Pagkakataon. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng propesyonal na mga suporta at may bayad na appearances para sa mga artist, ang *Live from The Rose* ay nakagawa ng direkta, positibong epekto sa komunidad ng lokal na sining.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Sa pamamagitan ng online na programa, higit sa 10,000 viewers ay nag-enjoy sa mga performance mula sa The Rose Brampton sa ginhawa at kaligtasan ng kanilang mga tahanan. May higit sa 1,700 na tiket ang naka-book at mga audience sa higit sa 17 bansa, ang *Live from The Rose* ay patuloy na nagkakamit ng suporta at interes.” *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10; Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Committed ang The Rose sa pagiging accessible at sa sining. Sa panahon ng pandemya ng COVID-19, ang mga audience ay nangangailangan sa saya, pag-asa at epekto ng live performance. Para suportahan ang ating komunidad nitong mahihirap na mga panahon, ang mga birtwal na performance sa The Rose Brampton ay walang bayad para sa season na ito.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Patuloy na umuunlad ang The Rose. Nagbibigay tayo ng daan bilang lider ng industriya, sa ating birtwal na mga programa at sa pagiging malikhain at orihinal ng ating mga artist at ng team ng performing arts. Mula sa konsyerto sa sala na nag-umpisa isang linggo matapos maisara ang ating venue, hanggang sa propesyonal na mga livestreams mula sa ating entablado na pinanood sa buong mundo, hanggang ngayon ipinagmamalaki natin ang ating season. Nagpapasalamat tayo ng malaki sa ating mga audience, ating Mayor at sa mga Konsehal ng Lungsod para sa kanilang walay kapantay na suporta. May nakahanda tayong mas marami pang dinamikong mga konsyerto para sa Brampton at sa iba pa para ma-enjoy.”

- *Steven Schipper, Executive Artistic Director, Performing Arts*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng higit sa 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

Ang **The Rose Brampton** ay isang pangunahing performing arts venue ng Brampton, at isang iconic na tampok ng downtown core. Isang mahalagang parte ng lungsod, ito ay destinasyon para sa lokal at kilala ng mundo na mga performer, na nagbibigay ng mga pagkakataon para sa mga audience mula sa Brampton at sa iba pang lugar na makaranas ng malawak na

hanay ng talento sa isang extraordinaryong setting. Kamangha-mangha sa arkitektura at sa pandinig, ang The Rose ay ang dako kung saan nagkakabuhay ang Brampton.

Nagtatampok ang **Live from The Rose** ng iba't ibang produksyon na binububo ng teatro, musika, komedya, pampamilya, at pangkulturang mga event. Committed ang The Rose na i-highlight ang homegrown na mga talent, at nakikipagtulungan sa mga lokal na organisasyon para ilarawan, itaguyod, at ipagdiwang ang komunidad na pinaglilingkuran nito. Aktibo nating inaabot ang mga ekselente at kapansin-pansing mga artist. Nilalayan natin na maaliw at mapasigla ang mga audience, habang nagbibigay ng natatanging mga karanasan para sa mga performing artist.

KONTAK NG MEDIA

Gurvinder Singh
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-2028 | Gurvinder.A.Singh@brampton.ca